# Pagsilip sa Buhay OFW sa mga Pelikulang Pinoy Romance Drama

AARichela L. dela Cruz
*Strategic Communications Office, De La Salle University, Manila, Philippines*
**Corresponding Author: aa.delacruz@dlsu.edu.ph*

**Abstract:** The emigration of Filipinos is nothing new to the Filipino consciousness. Almost if not all Filipinos have relatives who are working abroad or have chosen to immigrate. Beyond the issues of legislature, business, and finance, the experiences of Filipinos abroad have also become part of the narrative of various Philippine shows or films. It is vital to take a closer look at these media especially to see how the lives and experiences of OFWs (Overseas Filipino Workers) are represented in them.

Through framing analysis, this paper examined three Star Cinema romance drama films – *Sana Maulit Muli*, *Milan*, and *Hello, Love, Goodbye* – to determine what images of migrants and OFWs have been represented in them over the years. The analysis showed that the narrative, issues, and representations of the life of Filipino workers abroad in the films revolve on (1) other countries as better living options; (2) the loss of self and the endless work to earn income for families back home; (3) the establishment of a quasi-family unit; and (4) the dream of returning home.

**Key Words:** Overseas Filipino Workers; Philippine cinema; romantic drama

## 1. INTRODUKSYON

Hindi na bago sa ating kamalayan ngayon ang pangingibang bansa ng ating mga kababayan. Halos lahat sa atin ay may kamag-anak na minsan o hanggang ngayon ay nagtatrabaho sa ibang bansa o kaya'y tuluyan na doon naninirahan.

Sa huling Stock Estimate of Filipinos Overseas ng Commission on Filipinos Overseas (CFO) noong 2013 ay may tinatayang 10.2 milyong Pilipino ang naninirahan o nagtatrabaho sa ibang bansa (CFO, 2013). Ayon sa 2019 Survey on Filipino Overseas ng Philippine Statistics Authority (PSA) ay mayroon tinatayang 2.2 milyong mga Overseas Filipino Workers (OFW). Limamput anim na porsyento (56%) nito ay mga kababaihan at ang natitirang apatnapu't apat na porsyento (44%) ay mga kalalakihan (PSA, 2020).

Sa artikulo ni Brillon at Brillon noong 2010, nabanggit na karamihan sa mga iskolar ay sumasang-ayon na ang unang organisadong migrasyon ng mga Pilipino ay nagsimula noong 1906 nang ipadala sa Hawaii ang ilang magsasakang Pilipino upang magtrabaho sa mga plantasyon ng tubo at pinya doon (Brillon, 2010). Sa paglipas ng panahon ay lalong dumami ang mga Pilipinong pumunta sa ibang bansa gaya ng Estados Unidos, Canada, Europa, Middle East at maging mga karatig bansa sa Asya para doon magtrabaho o permanenteng manirahan.

Sa dami nga ng mga Pilipino sa ibang bansa ay naging isang kapaki-pakinabang na hakbang din para sa mga kumpanya ng midya sa Pilipinas ang magpalawak ng negosyo at serbisyo roon. Sa pag-aaral ni Brillon noong 2015 na "From Local to Global: Philippine Broadcast Networks and the Filipino Diaspora" na binagtas ang papel ng mga institusyon ng midya sa pagbuo ng diaspora bilang tagapagtangkilik binanggit na sa pagiging transnsyonal ng mga Pilipinong manggagawa ay gayundin ang mga broadcast network sa Pilipinas. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagpapadali ng akses

sa mga palabas ng gaya ng ABS-CBN o GMA sa ibang bansa at pagbuo ng mga palabas para sa mga Pilipinong migrante o OFW na tinaguriang mga bagong bayani (Brillon, 2015).

Isinulong ng gobyerno ng Pilipinas ang bansag na bagong bayani ang mga OFW sapagka't sila nga naman ay may ambag sa pagpasok ng dolyar na kailangan ng ating ekonomiya. Ayon sa PSA, ang kabuuang remittance na ipinadala ng mga OFW simula Abril hanggang Setyembre 2019 ay tinatayang nasa 211.9 bilyong piso (PSA, 2020).

Bahagi ng pagpupursigi para makapagpadala ng dolyar sa pamilya ng mga tinaguriang bagong bayani ang ang mga hamon na kanilang dinaranas sa pakikipagsapalaran sa ibang bansa (Benitez, 2011).

Kahirapan at paghahanap ng mas magandang buhay ang mga kadalasang dahilan ng mga Pilipino sa pagnanais na makapagtrabaho sa ibang bansa. Sa ibang bansa lang nila nakikita at nakukuha ang mga oportunidad na wala rito sa Pilipinas. Ang mga Pilipinang domestic helpers na nagmula sa mga rehiyong naghihirap sa Pilipinas ay malamang na naghahangad ng kasaganaan na sinasagisag ng isang matatag at maunlad na tinubuang-bayan at pamilya ngunit sila rin mismo ay nagtataglay ng iba't ibang kakayahan gaya ng pagiging maparaan, matapang at matalino (San Juan, 2008).

Ilan lamang ito sa mga mahahalagang usapin ng pangingibang bansa ng mga Pilipino noon at ngayon. Lagpas pa sa usapin ng lehislatura, negosyo, pinansyal o balita ay makikita rin nga natin na nagiging paksa o bahagi ng naratibo ng mga iba't ibang palabas o pelikula sa Pilipinas ang tungkol sa mga karanasan ng mga Pilipino sa ibang bansa. Isang behikulo na marapat silipin kung paano ba ikinakatawan ang mga buhay at danas ng mga OFW dito.

## 2. METODOLOHIYA

Layunin ng papel na ito na sagutin kung anong imahe ng danas ng mga migranteng Pilipino o Overseas Filipino Workers sa paglipas ng taon ang ipinakita ng tatlong piling pelikulang romance drama ng Star Cinema.

Ang Star Cinema bilang isa sa mga nangungunang film studio sa bansa ay gumawa na ng iba't ibang pelikula na nagtatampok sa mga kwentong OFW at ang *Sana Maulit Muli*, *Milan* at *Hello, Love, Goodbye* ay kabilang sa mga may pinakamataas na kita at nakabasag ng mga rekord sa takilya. Kinuha ang pelikula sa magkakaibang dekada simula sa unang OFW film ng Star Cinema na *Sana Maulit Muli* na lumabas noong 1995 , *Milan* na inilabas noong 2004, at ang pinakahuling OFW romantic drama ng film studio ang Hello, Love, Goodbye na inilabas noong 2019 (ABS-CBN Star Cinema, 2015). Ang tatlong pelikulang ito ay idinerehe ng dalawang kilalang babaeng direktor sa Pilipinas na sina Olivia M. Lamasan at Cathy Garcia-Molina.

Gamit ang teoryang framing ni Erving Goffman bilang batayang teoretikal ay sinilip ng papel na ito na sa paglipas ng ilang dekada ay paano nga ba kwinadro ang karanasang OFW sa mga pelikulang tinaguriang pang-masang Pilipino?

Ayon kay Goffman (1974), ang mga frame ay mga kognitibong istraktura na nagpapahintulot sa mga indibidwal na ayusin at bigyang kahulugan ang kanilang mga karanasan. Ang mga frame ay nagbibigay ng isang mental na balangkas kung saan natin inaalam ang impormasyon sa ating paligid kasama na ang mga biswal at naratibong elemento sa pelikula (Goffman, 1974).

Sinasabi ng teorya ng framing na ang pangmadlang midya kasama ang mga pelikula, ay nagtatakda ng mga isyung panlipunang iniisip ng publiko o nangingibabaw sa kamalayan ng publiko bagama't hindi nito naitatakda kung ano ang kanilang dapat isipin o maramdaman sa mga isyung ito. Samakatuwid, ipinapahiwatig nito ang relasyon sa pagitan ng tuon na binibigay ng midyang pangmadla sa mga isyung panlipunan at ang kahalagahang ibinigay ng audience sa mga isyung ito.

Ang pagsusuri ng framing sa pelikula ay naglalayong maunawaan kung paano ginagamit ng mga gumagawa ng mga pelikula ang mga biswal at naratibong elemento ng na nakakaimpluwensiya sa pagbibigay interpretasyon ng mga manonood sa kwento. Gamit ang lenteng ito sa pagsusuri ng framing ng isang pelikula ay maaari tayong magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kapangyarihan ng pelikula bilang isang tagapaghatid ng kwento at kilalanin ang mga representasyon na may epekto sa kung paano natin binubuo ang kultural at sosyal na naratibo sa labas ng pelikula.

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga iba't ibang danas at representasyon ng mga Pilipinong manggagawa sa ibang bansa o ang mga Overseas Filipino Workers na itinala mula sa naratibo ng mga pelikula. Gamit ang inductive approach kung saan ang frame ay manggagaling sa mismong tekstong sinusuri. Gamit ang

framing devices o reasoning devices bilang gabay ay nakita ang apat na paulit-ulit na tema ng representasyon ng buhay OFW sa mga OFW romance Drama ng Star Cinema.

## 3. ANG MGA OFW ROMANCE DRAMA NG STAR CINEMA

Kahit na tila nagsisilbing backdrop lamang ang iba't ibang karanasang OFW sa romantikong naratibo na siyang sentro sa mga pelikula, maganda pa rin itong sipatin dahil sila ang nagsisilbing bintana para sa karaniwang Pilipino na makita ang karanasan ng kapamilya, kakilala o ng sarili mismo bilang OFW. Lalo na noong nagsimula ang Star Cinema na ipalabas na rin ang pili nilang mga pelikula hindi lamang dito sa Pilipinas pero pati na rin sa mga bansang maraming nakatira at nagtatrabahong mga Pilipino. Ito ay ipinakita pa sa isang meta scene sa isa sa mga pelikulang sinuri, ang *Hello, Love, Goodbye*, kung saan ang mga kathang-isip na karakter na mga domestic helper sa Hong Kong ay nanoonod ng pelikulang Anak, isang dramang pelikula ng Star Cinema tungkol din sa buhay ng isang inang OFW.

Ang *Sana Maulit Muli* ay kwento ng magkasintahanag sina Jerry at Agnes. Si Agnes ay isinalarawan na tahimik at palaasa na babae sa kanyang kasintahang si Jerry. Nang imbitahan si Agnes ng nanay niya na nasa Amerika na doon na siya tumira ay itinulak siya ni Jerry na ituloy ang pagpunta roon sa kabila ng kanyang mga pag-aalinlangan para mas mapagtuunan ng huli ng pansin ang trabaho bilang isang advertising executive sa Pilipinas. Sa pagpunta ni Agnes at sa kalaunan sa pagsunod ni Jerry sa kanya sa Amerika makikita ang mga pagsubok na nararanasan ng mga Pilipinong pinili na manirahan sa ibang bansa.

Isang pasumalang pagtatagpo sa isang istasyon ng tren ang nagpapakilala sa mga manonood kina Lino at Jenny sa *Milan*. Si Lino ay isinalarawan bilang isang lalaking walang muwang na sumubok sa mahirap na paglalakbay papuntang Italya para hanapin ang nawawalang asawang si Mary Grace. Nakilala niya si Jenny na isang babaeng kahanga-hangang miyembro sa komuninad ng mga OFW sa *Milan*. Si Jenny ay isinasalarawan na maabilidad at masyadong mapagbigay sa pamilyang naiwan sa Pilipinas at nakakalimutan na ang mga personal na pangangailangan. Sa kanilang paghahanap sa nawawalang kamag-anak at sarili ay makikita natin ang mga pakikibaka bilang isang matagal na at isang bagong OFW sa ibang bansa.

Ang *Hello, Love, Goodbye* sa ngayon ay siyang pelikulang Pilipino na may pinakamalaking kinita sa pagpapalabas nito. Ang kwento ng pelikula ay umikot sa pakikipagsapalaran ni Joy, isang Pilipinang nagtapos ng kurso bilang nurse pero nagtratrabaho bilang domestic helper sa Hong Kong, at sa buhay ni Ethan bilang isang bartender at anak ng isang permanent resident doon. Habang sinusubukan nilang ayusin ang kanilang mga buhay at abutin ang mga pangarap para sa sarili at mga pamilya ay matutunghayan natin ang mga karanasan at kalagayan ng mga OFW sa Hong Kong.

**Ang Ibang Bansa Bilang mas Magandang Opsyon**

Sa lahat ng pelikulang nabanggit ay palaging isinasalarawan ang ibang bansa bilang lupain ng mga oportunidad at siyang daan para sa kaginhawaan. Sa *Sana Maulit Muli*, nagbukas ang pelikula sa eksena sa labas ng US Embassy sa Pilipinas kung saan maraming taong nakapila, mainit at maingay. Sa kabilang banda, unang lumabas ang tanawin ng Amerika na maliwanag, may kaayusan at may kasamang masayang background music. Ganito rin ang ipinakita sa *Milan* na matapos ang maikling eksena sa tahimik at malinis na bukirin na panaginip lang pala ni Lino ay kasabay nagising ang manonood sa realidad ng buhay ng bida sa Maynila na magulo, maingay at siksikan.

Maging ang pagsasalarawan sa mga pamilya ay may paghahambing. Sa *Sana Maulit Muli*, ang pamilyang naiwan ni Jerry sa Pilipinas ay magulo at puro sumbatan dala na rin ng mga pangangailangan pero ang pamilya ni Agnes na dinatnan niya sa Amerika ay masaya at maginhawa ang buhay na ang tanging problema ay paano hahatiin ang oras sa kasiya-siyang trabaho at pamilya.

Muli't muling ipinapakita na sa ibang bansa ay may oportunidad na maging maginhawa ang buhay basta magtrabaho ka lang ng mabuti dahil sa ibang bansa bawal ang mabagal kasi mabilis man ang buhay ay may dulot na saya naman. Para itong isang panata na paulit-ulit binabanggit ng iba't ibang mga karakter sa tatlong pelikula.

**Ang Pagkita sa Kita at Kitá sa Lupaing Banyaga**

Kasabay ng karanasan ng mga bida bilang mga migranteng manggagawa sa ibang bansa ang kanilang paghahanap ng sarili at pagkamulat dulot ng kanilang mga nabuong relasyon. Sa pagkayod para may maipadalang sapat na kita sa pamilyang naiwan sa Pilipinas ay nakikita rin nila ang kanilang mga sarili.

Sa pagpapaubaya sa kanilang katawan sa kapitalismo, sa pagtulak sa sarili na magtrabaho hanggang wala ng natitirang pisikal, mental, at emosyonal na lakas para sa sarili para makapagpadala lamang ng sapat na kinita at punong balikbayan box sa Pilipinas makikita rin ang trahedya sa buhay ng mga OFW. Ipinakita sa lahat ng pelikula ang pangangailangan na magkaroon ng higit pa sa isang trabaho mapunan lamang ang pangangailangan ng pamilya sa Pilipinas. May kasiyahang dala ang pagkita ng pera pero sa likod nito ay ang maraming pagsubok na pinagdaraanan ng mga OFW.

Bahagi ng kultura nating mga Pilipino ang pagkakaroon ng utang na loob ng mga anak sa mga magulang na nagluwal sa kanila sa mundo, napalaki man sila ng maayos o hindi. Ang pagbabayad utang na loob ay kadalasang lagpas na sa mga sinasabing obligasyon sa mga magulang at karamay na ang mga kapatid at minsan pa ay mga kamag-anak na umaasa na lamang sa kapamilyang OFW. Ngunit sa kasamaang palad minsan ay hindi masyadong binibigyan ng halaga o walang malay at pakialam sa hirap na dinaranas ng mga Pinoy sa ibang bansa ang mga umaasa sa kanya.

Lutang ang isyu ng kung sino nga ba ang tunay na may karapatan sa katawan at buhay ng OFW - ang mga amo nila o ang pamilya sa Pilipinas na umaasa sa sahod na bigay ng amo. Isang tanong na direkta at hindi direktang sinasagot sa mga pelikulang sinuri. Sa *Hello, Love, Goodbye*, ay direktang binanggit ng amo ni Joy na "I own half of you." bilang kalahati ng araw niya ay bayad ng pagpapasweldo ng amo. Sa parehong pelikula ay nakita rin natin ang kwento ng nanay ni Joy na isa ring domestic helper at napilitang magpakasal sa mapang-abusong amo makakuha lamang ng *permanent residency* para sa posibilidad ng mas maginhawang buhay at madala ang pamilya sa Hong Kong. Isang desisyon na ginawa ng kanyang asawang naiwan sa Pilipinas para sa kanya.

Bukod pa rito ang dinaranas na diskriminasyon ng mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa mula sa mga dayuhan at minsan din ay mula sa mga kapwa Pilipino. Gaya ng abusadong mag-asawang Pilipino na amo ni Jerry sa *Sana Maulit Muli* na dahil sa kawalan ng legal na papeles ng mga empleyado na Pilipino ay hindi pinapasweldo ng sapat kahit na higit pa sa itinakdang oras ang ginagawang trabaho. Minsan sa desperasyon ay tinatanggap na lamang ng mga OFW ito. Marami nga rin sa kanila na ang dinatnang trabaho ay malayo sa kung ano ang natapos o naiwang karera sa Pilipinas gaya ni Jerry na dating advertising executive na naging katulong sa carwash at kusina ng isang kainan at maging ni Joy na isang nars pero nagtatrabaho bilang katulong.

Mapapansin na sa unang dalawang pelikula ay hindi rin masyadong ipinapakita ng direkta ang interaksyon ng mga Pilipino sa mga among banyaga. Sa *Hello, Love, Goodbye* ay mas biswal na representasyon ito kung saan natunghayan ng manonood ang relasyon ni Joy sa kanyang mga amo. Dahil nga nakatira kasama ng mga amo ang mga Pinay na domestic helpers sa Hong Kong ay mas malapit din na relasyon siya dito gaya ni Joy na malapit sa inaalagaang anak at nanay ng kanyang amo.

Sa tatlong pelikula ay nakita rin natin ang iba't ibang larawan ng isang Pilipina na nakikipaglaban para sa sarili at para kumita ng pera para sa pamilya. Nandyan ang mga malakas at palaban na sina Joy, Jenny, at Agnes, na mahina man nung una ay binago rin ng karanasan sa ibang bansa. Nandyan din ang dalawang imahe ng isang nanay. Una, ang ina ni Agnes na piniling iwan ang pamilya magkaroon lamang ng sariling buhay. Ikalawa, ang nanay ni Jerry na isinalarawan na nagsakripisyo para sa pamilya at mas maabilidad sa tatay. Ngunit mayroon ding mga kwento ng babaeng natulak magtrabaho sa ibang bansa at nasadlak sa hindi maayos na buhay gaya ng nanay ni Joy at ang nawawalang asawa ni Lino na napilitan ding sumama sa isang banyaga kapalit ng kanyang kaligtasan.

**Ang Pagbuo ng "bagong pamilya" ng mga OFW**

Ipinakita man sa *Milan* na hindi lahat ng pagpunta sa ibang bansa ay kasingdali ng karanasan ni Agnes sa *Sana Maulit Muli* ay sulit ang pakikipagsapalaran na maglakbay sa bundok at malapa ng malalaking aso makatawid lamang sa border papuntang *Milan*. Sulit dahil doon malinis ang hangin, walang traffic, walang pulitikong pulpol, at walang basura. Pero paalala rin nga karakter ni Lino na wala roon ang kanilang mga pamilya. Hindi nga lamang pera ang puhunan para makarating sa ibang bansa ngunit pati buhay - literal na buhay at ang buhay na nakasanayan at naiwan sa Pilipinas.

Kapalit din nito ang pagkasira ng ugnayan ng pamilya dahil sa distansya, kawalang komunikasyon at iba't ibang pagsubok. Ang pangungulila at pagiging malayo sa sariling pamilya ang isa sa mga matinding hamon na kinakaharap ng mga OFW. Bukod pa rito ang mga suliranin sa pakikibagay sa isang bago at hindi pamilyar na lugar.

Sa kawalan at layo ng mga totoong kapamilya ay bumubuo ng tila bagong pamilya at komunidad ang mga Pilipinong manggagawa sa ibang bansa. Palaging may kapwa Pilipino na tutulong at ipapakita sa bagong saltang OFW kung paano gumalaw at gumagalaw ang mga bagay sa lupaing banyaga. Sila ang magiging bagong kasiksikan ng bagong OFW sa bagong tahanan na bubuuin habang nagtatrabaho sa ibang bansa. Iyon nga lang may kaabikat din itong suliranin. Gaya ng mga pangalawang karaketer na OFW sa *Milan* na literal na bumuo ng ibang pamilya kahit na may naiwang pamilya sa Pilipinas. Ang kahulugan ng pamilya ay hinahamon at binabago rin ng bagong karanasan sa ibang bansa.

Kadalasan sa pangingibang bansa ng magulang para sa ikabubuti ng kinabukasan ng mga anak ang siya ring nagdadala ng dagdag na suliranin. Ito ang nakita natin sa karanasan ni Agnes na nangulila naman sa inang umalis papuntang Amerika at nakaapekto sa kanyang paglaki. Ang kapalit ng mga laman ng balikbayan box ay ang kawalan ng pisikal na presensya ng mga magulang sa buhay ng mga anak. Kapalit din nito ang binanggit ng isa pang ikalawang karakter sa *Milan* na tila nawalan na siya ng pamilya at kaibigan sa pagbabalik sa Pilipinas kasi hindi na tatay, anak o kaibigan ang turing sa kanya kung hindi tila isang hari na may dalang pasalubong at kita.

**Ang Pinapangarap na Pag-uwi**

Sa mga pelikulang sinuri ay ipinakita na ang pinakapinapangarap ng mga Pilipinong nangibang bansa ay ang kaligayahan ng matiwasay na buhay at muling pagsasama-sama ng magkasintahan at pamilya. Ngunit hindi maaaring umuwi pabalik ng Pilipinas na hindi nagtagumpay dahil nakakahiya kapag umuwi galing sa ibang bansa na parang sumuko at walang narating kahit na ang katotohanan ay hindi lahat ng sumusubok maging OFW ay nagtatagumpay.

Mas maganda, malinis at organisado man sa ibang bansa ay nandoon pa rin ang mensahe sa *Sana Maulit Muli* at *Milan* na iba pa rin ang nasa sariling bayan. Nakakaranas man ng tila pansamantalang kunwang kalayaan at kasaganaan sa buhay ay parang hindi makukumpleto ang tagumpay kung hindi makakabalik sa Pilipinas.

Ngunit sa pelikulang *Hello, Love, Goodbye* ay ipinakita na sa ngayon ang inaasam na homecoming ay maaari nang sa lupang banyaga na inangkin na bilang bagong tahanan gaya ng pamilya ni Ethan kung saan sa Hong Kong piniling buuin ang watak-watak na pamilya at ni Joy na piniling patuloy na hanapin ang sarili at mas magandang bukas sa Canada bilang isang nars.

## 4. KONGKLUSYON

Patuloy na may mga Pilipinong mangingibang bansa para makipagsapalaran upang makahanap ng mas matiwasay na buhay para sa pamilya hanggat walang sapat na magandang oportunidad at trabaho dito sa Pilipinas. Kaakibat nito ang maraming mga hamon at suliranin hindi lamang sa usapin ng ekonomiks o batas para sa kanilang proteksyon ngunit lalong higit sa usapin ng pagtingin sa sarili at pagsubok sa mga pamilyang apektado.

Ang pagsusuri sa mga pelikulang romance drama na may tuon sa karanasan at buhay ng mga Overseas Filipino Workers ay isang pagsilip kung paano na nga ba natin nauunawan ang mga danas at kwentong ito. Pagsilip din ito kung ano ba ang representasyon ng mga OFW sa mga mainstream na pelikula na siyang mas tinatangkilik ng mas nakararaming mga Pilipino.

Nakita natin sa tatlong pelikulang sinuri na may ilan mang nagbago sa anyo ng naratibo ay doon pa rin umiikot ang mga usapin tungkol sa buhay ng manggagawang Pilipino sa ibang bansa. Sa pagkayod para may maipadalang sapat na kita sa pamilyang naiwan sa Pilipinas ay kinaharap nila ang pangungulila, diskriminasyon at pagtutunggali ng pagkilala sa sarili. Sa kanilang mga kwento ay minsan may nasisirang mga pamilya at may nahahanap na bagong pamilya.

Sa mga nakikitang pagkukulang sa sarili at buhay na hindi kaya mapunanan ng pagmamahal mula sa iba at ng kinikita mula sa walang humpay na pagtatrabaho ay ang mas malalim na pagkilala sa kakayahan at sarili. Marahil yun ang tunay na na pag-uwi na inaasam sa huli.

## 5. MGA SANGGUNIAN

ABS-CBN Star Cinema. (2015). Direk Olivia Lamasan shares never-before-heard trivia about 'Sana Maulit Muli' [Video]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=B4CwdqYrOj4

Ardèvol-Abre, A. (2015). Framing theory in communication research. Origins, development and current situation in Spain. Revisita Latina de Comunicacion Social, (70, pp. 423-450). http://www.revistalatinacs.org/070/paper/1053/23en.html

Commission of Filipinos Overseas. (2013). Stock Estimates of Overseas Filipinos. https://cfo.gov.ph/yearly-stock-estimation-of-overseas-filipinos/

Benitez, F. (2011). Transnational Questing Desire in Star Cinema's Kailangan Kita and Milan. Positions: Asia Critique, 19(2), 257–280. https://doi.org/10.1215/10679847-1331715

Brillon, C. (2015). From Local to Global: Philippine Broadcast Networks and the Filipino Diaspora. International Journal of Communication (Online). University of Southern California, Annenberg School for Communication & Journalism, Annenberg Press. https://go-gale-com.dlsu.idm.oclc.org/ps/i.do?p=AONE&u=dlsu&id=GALE|A632795199&v=2.1&it=r

Garcia-Molina, C. (Director). (2019). Hello, Love, Goodbye [Film]. Star Cinema.

Goffman, E. (1974). Frame Analysis: An Essay on the Organization of Experience (Reprinted 1986). Northeastern University Press.

Han, Q. (2019). Diasporic Chinese family drama through a transnational lens: The Wedding Banquet (1993) and Saving Face (2004). International Journal of Media and Culture Politics, Volume 15 Number 3. https://web-s-ebscohost-com.dlsu.idm.oclc.org/

Juan, E. S., Jr. (2008). Trajectories of the Filipino Diaspora. Here and Nowhere Blog. http://varekai-herethereandnowhere.blogspot.com/2010/09/trajectories-of-filipino-diaspora.html

Lamasan, O. (Director). (1995). Sana Maulit Muli [Film]. Star Cinema.

Lamasan, O. (Director). (2004). Milan [Film]. Star Cinema.

Philippine Statistics Authority. (2020). 2020 Overseas Filipino Workers (Final Results). https://psa.gov.ph/statistics/survey/labor-and-employment/survey-overseas-filipinos

Scheufele, D. and Tewksbury, D. (2007). Framing, Agenda Setting, and Priming: The Evolution of the Three Effects Models. Journal of Communication, International Communication Association (Vol. 57, 2007), pp. 9-20. https://doi.org/10.1111/j.0021-9916.2007.00326.x